MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SENADO NG ESTADOS UNIDOS

- Nagsisilbing isa sa dalawang Senador na kumakatawan sa mga interes ng California sa Kongreso ng Estados Unidos.
- Nagmumungkahi at bumoboto sa mga bagong pambansang batas.
- Bumoboto sa pagkumpirma ng mga pederal na hukom, mga Mahistrado ng Korte Suprema ng Estados Unidos at maraming mataas na antas na mga paghirang ng presidente sa mga katungkulang sibilyan at militar.

Kamala D. Harris | DEMOKRATIKO

Tumatakbo ako para sa Senado ng Estados Unidos dahil naniniwala akong oras na upang ayusin ang antas ng pagkakaroon ng pagkakataon para sa mas maraming Taga-California at Amerikano. Bilang tagausig sa buong buhay ko, isang kliyente lang ang pinagsilbihan ko sa lahat ng oras: Ang Mamamayan ng California. Bilang Abogado ng Distrito ng San Francisco at Pangkalahatang Abugado ng California, taas-noo akong nanindigan sa makakapangyarihang interes sa ngalan ng mamamayan at naipanalo ko ang mga totoong laban para sa ating mga pamilya. Nilabanan ko ang malalaking salot, kabilang ang mga kriminal na organisasyon sa loob at labas ng bansa at ilegal na pagbebenta ng tao na kumikita mula sa pang-aabuso ng kababaihan at mga bata. Inusig ko ang mga nagdudulot ng polusyon at malalaking kumpanya ng langis, nilabanan ang malalaking bangko sa Wall Street at nagpursiging maipasa ang pinakamahigpit na batas ng bansa laban sa pagreremata upang maprotektahan ang mga may-ari ng bahay. Bilang Senador ng Estados Unidos ng California, itutuloy ko ang masidhing paglaban para sa mamamayan at upang kumawala sa rehas na nakakaimpluwensya sa Washington. Gagawa ako ng mga trabahong kailangan ng ating mamamayan sa pamamagitan ng pagpupundar ng mga pederal na dolyar na mag-aayos sa ating mga nanghihinang sistema ng tubig at transportasyon. Ipaglalaban ko ang mas ikahuhusay ng mga paaralan at ang pagbibigay ng pagkakataon sa bawat bata na makatuntong ng pre-kindergarten at abot-kayang pangangalaga ng bata. Para sa mga nagtapos ng kolehiyo na nabaon sa pautang para sa mag-aaral, ipaglalaban ko ang pagpapalit ng pagtustos at reporma na magiging susi sa pagiging abot-kaya ng pagpasok sa kolehiyo para sa lahat ng mag-aaral. Manindigan ako para sa ating mga beterano na karapat-dapat para sa de-kalidad na pangangalaga ng kalusugan at pagsasanay para sa trabaho kapag nakauwi na sila. Dedepensahan ko ang ating kapaligiran at dalampasigan at pamumunuan ko ang pagsugpo sa climate change. Mangyaring samahan niyo ako. Salamat sa inyong pagsasaalang-alang.

4311 Wilshire Blvd., Suite 200
Los Angeles, CA 90010

Tel: (213) 221-1269
Email: info@KamalaHarris.org
www.KamalaHarris.org

Loretta L. Sanchez | DEMOCRATIKO

Nangangailangan ang California ng subok nang pinuno na makapagbibigay ng mga resulta at kayang-kayang harapin ang mga hamong pang-ekonomiya, pang-edukasyon at panseguridad na kinahaharap natin ngayon. *Ang ating susunod na Senador ng U.S. ay dapat may malawak na karanasang pambatasan at karanasan sa pambansang seguridad at pareho ang pinagdadaanan gaya ng mga nagtatrabaho. Ako 'yun, kaya naman ako ang pinakamahusay na kandidato para sa trabaho.* Ang mga magulang ko ay masisipag na nangibambayan upang suportahan ang kanilang pitong anak. Sinikap kong makapasok sa kolehiyo sa tulong ng mga paggawad mula sa pamahalaan at unyon, at ang Anaheim Rotary Club ang nagbayad sa aking MBA. Nagsumikap ang aking mga magulang, pinahalagahan nila ang edukasyon at sila lang ang tanging mga magulang sa kasaysayan ng Amerika na nakapagpadala ng dalawang anak na babae sa Kongreso. Kaya naman tuwiran kong ipinaglaban sa Kongreso sa loob ng 20 taon ang edukasyon, abot-kayang kolehiyo, reporma sa pangangalaga sa kalusugan, reporma sa imigrasyon, pagkakapantay-pantay ng kasarian, mga karapatan ng LGBT, pagtaas ng pinakamababang sahod at pagprotekta sa kapaligiran. Ipinakita ko rin ang paghusgang malaya sa anumang impluwensya at tapang sa panahong kinakailangan ito: *Bumoto ako laban sa Giyera sa Iraq, ang tinatawag na Patriot Act, at mga pag-bailout sa Wall Street. Bilang isang nakatatandang miyembro ng Mga Komite ng Mga Armadong Serbisyo at Seguridad ng Bayan,* nagsikap ako upang matiyak na sinasanay at hinahasa ang ating mga sundalo upang manalo at upang maalagaan kapag nakauwi na sila. Ako lang ang tanging kandidato na may karanasan sa pambansang seguridad na kinakailangan upang mapanatiling ligtas ang Amerika mula sa terorismo sa loob at labas ng bansa. Bilang Senador ninyo, ipaglalaban ko ang lahat ng Taga-California, nang sa gayon ay magkaroon tayo ng mas matibay at mas masaganang kinabukasan. *Mapagkumbaba ko pong hinihingi ang inyong boto.*

P.O. Box 6037
Santa Ana, CA 92706

Tel: (714) 774-0236
Email: info@loretta.org
http://loretta.org

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.